{Pumunta ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang nagnanais ako na umanib sa Islām, kaya nag-utos siya sa akin na maligo ako sa pamamagitan ng tubig at sidr.}

Ayon kay Qays bin `Āṣim (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Pumunta ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang nagnanais ako na umanib sa Islām, kaya nag-utos siya sa akin na maligo ako sa pamamagitan ng tubig at sidr.}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām An-Nasā'īy]

Pumunta si Qays bin `Āṣim sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang siya ay nagnanais na umanib sa Islām, kaya nag-utos sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na maligo siya sa pamamagitan ng tubig at dahon ng punong sidr dahil sa pagiging ang mga dahon nito ay ginagamit sa paglilinis at dahil sa taglay nito na mabangong amoy.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65085